






# MGA SINAUNANG MAPA




MARAMING SINAUNANG MAPA NA PUWEDENG BATAYAN NG SINASABING HISTORICAL FACTS/EVIDENCE NG TSINA.
MGA SINAUNANG MAPA NG MGA DINASTIYA AT INDIBIDWAL NA TSINO
CHINA
Taong 1136. Hua Ti Yu. (Mapa ng Tsina at ng mga Barbarong Bansa). Ipinakikita ng mapang bato ang Hainan Island bilang pinakatimog na teritoryo ng Tsina.
1142 Yu Ji Tu. Inukit sa bato sa panahon ng Dinastiyang Nan Song. Makikita sa mapang bato ang Hainan Island bilang pinakatimog ng teritoryo ng Tsina.
HAINAN
1389 Da Ming Hunyi Tu (Ang Pinag-isang Mapa ng Dakilang Dinastiyang Ming). Ipinakikita ng mapang ito ang Hainan Island bilang pinakatimog na teritoryo ng Tsina.
HAINAN
1547-1559 Da Ming Yu Di Tu (Atlas ng Imperyong Ming).
HAINAN
HAINAN
HAINAN
MARAMI PANG MGA ANCIENT MAPS O SINAUNANG MAPA.
AT SA MARAMING SINAUNANG MAPA NA MGA GAWA NG MGA DINASTIYA AT MGA INDIBIDWAL NA TSINO ...
IISA LANG ANG IPINAKIKITA NG MGA ITO...
ANG TERITORYO SA PINAKADULONG TIMOG NG TSINA AY ANG HAINAN ISLAND!
HAINAN
HINDI KASAMA ANG PARACELS, SCARBOROUGH SHOAL AT SPRATLYS!


MGA SINAUNANG MAPA NG TSINA NA GAWA SA IBANG BANSA
Inilathala noong 1625 sa London, United Kingdom ang Huan Ming Yitong Fang Yu Bei Lan (Komprehensibong Mapa ng Imperyong Ming).
HAINAN
Ipinakikita ng mapang ito ang Hainan Island bilang pinakatimog na teritoryo ng Tsina.
HINDI KASAMA ANG PARACELS, SCAR-BOROUGH SHOAL AT SPRATLYS!
SAMANTALA...
1695 Imperii Sinarum Nova Descriptio. Inilathala noong 1695 sa Amsterdam, Netherlands. Ipinakikita ng mapang ito ang Hainan Island bilang pinakatimog na teritoryo ng Tsina.
HAINAN
1700 Carte Exacte De Toutes Les Provinces… Inilathala sa Leiden, Netherlands. Ginawa ni Johannes Nieuhof ang mapang ito bago siya namatay noong 1672. Ipinakikita ng mapang ito ang Hainan Island bilang pinakatimog na teritoryo ng Tsina.
HAINAN
BENGAL
1734 Carte Le Plus Generale Et Qui Comprehend La Chine... (Pangkalahatang Mapa at Saklaw ang Tsina, Tartaro ng Tsina at Tibet). Ipinakikita ng mapang ito ang Hainan Island bilang pinakatimog na teritoryo ng Tsina. Ito ang mapang iniregalo ng Tsanselor ng Germany na si Angela Merkel sa Presidente ng Tsina na si Xi Jinping noong 2014.
NAN HAI
PROVINCE DE QUANG-TONG
HAINAN
AT NAPAKARAMI PANG MGA SINAUNANG MAPA NA NANGALATHALA SA IBANG BANSA...
HAINAN


IISA ANG SINASABI NG MGA SINAUNANG MAPA NA GINAWA NOONG PANAHON NG DINASTIYA NG TSINA
ANG TANGING TERITORYO SA PINAKA-DULONG TIMOG NG TSINA AY ANG HAINAN ISLAND
AT GAYUN-DIN ANG SINASABI NG MGA SINA-UNANG MAPA NA GINAWA NOON NG MGA DAYU-HAN.
HINDI KASAMA ANG PARACELS, SCAR-BOROUGH SHOAL AT SPRATLYS!
MATAPOS ANG PAGBAGSAK NG DINASTIYANG QING NOONG 1912, AT ITINATAG NAMAN NI DR. SUN YAT SEN ANG REPUBLIKA NG TSINA,
INULIT NG BAGONG REPUBLIKA NG TSINA SA BUONG MUNDO NA ANG TERITORYO NITO AY NANANATILING PAREHO PA RIN SA TERITORYO NG DINASTIYANG QING.
SUN YAT SEN
ANG HAINAN ISLAND ANG PINAKATIMOG NA TERITORYO NG TSINA.
CHINA
HAINAN
CAMBODIA
VIETNAM
MALAYSIA
KAILANMAN, HINDI KASAMA SA TERITORYO NG TSINA ANG PARACELS, SCARBOROUGH SHOAL, O ANG SPRATLYS.
NOONG 1932 LAMANG NAGANAP ANG KAUNA-UNAHANG PAGKA-KATAON NA ISINAMA NG TSINA ANG PARACELS SA HAINAN ISLAND.
Haiphong
Hong Kong
TAIWAN
LAOS
HAINAN
PACIFIC OCEAN
Scarborough Shoal
Paracel Islands
HAILAND
VIETNAM
CAMBODIA
South China Sea
Manila
Gulf of Thailand
Spratly Islands
PHILIPPINES
James Shoal
BRUNEI
BORN
MALAYSIA
SINGAPORE
INDONES
KAHIT SA PAGKA-KATAONG ITO, HINDI PA RIN ISINAMA NG TSINA SA KANYANG TERITORYO ANG SCARBOROUGH SHOAL AT ANG SPRATLYS.
TINIYAK NG MGA SINA-UNANG MAPA NA ANG PINAKATIMOG NA TERITORYO NG TSINA AY ANG HAINAN ISLAND.
KAYA MASA-SABING SA ATIN ANG SPRATLYS! SA ATIN ANG SCARBOROUGH SHOAL! SA ATIN ANG WEST PHILIPPINE SEA!
WPS